


Gabay ng Parent Connect sa mga Resulta ng ASD MAP Growth

Saan ko maa-access ang mga resulta sa MAP Growth ng aking anak sa Parent Connect?

Ang mga resulta sa pagtatasang MAP Growth ay makikita sa seksyon ng **Assessment Results** ng Parent Connect. Piliin ang senyales na “+” para i-expand ang seksyon.



| | |
|---|--------------------|
| - | ASD Quick Links |
| + | News |
| + | Demographics |
| + | Enrollment |
| + | Contacts |
| + | Schedule |
| + | Attendance |
| + | Assignments |
| + | Marks |
| + | Standards |
| + | Transcript |
| + | GPA |
| + | Activities |
| + | Testing Results |
| + | Assessment Results |
| | Print Info |

Ano ang ibig sabihin ng mga resulta sa MAP Growth ng aking anak?

Ang MAP Growth ay isa sa sukatan ng pagtatasa sa Anchorage School District at ibinibigay kada taglagas (fall), taglamig (winter) at tagsibol (spring) sa mga estudyante tulad ng sumusunod:

- Online—pagbasa at matematika; hindi inoorsan ngunit mga isang oras bawat asignatura
 - o Grade 3-9, lahat ng estudyante
 - o Grade K-12, Napiling paaralan
 - o Tier II at III sa Pagbasa at/o Matematika batay sa kursong interbensyon

Ang sumusunod na sampol na report ay nagpapakita kung ano ang hitsura ng mga resulta sa MAP Growth sa Parent Connect. Ang sampol ay may pangalang mga letra, A hanggang J. Ang mga letra ay tumutugon sa partikular na impormasyon tungkol sa mga resulta sa MAP Growth, na ibinibigay sa sumusunod na mga pahina. Pakikontak ang punong guro, guro o tagapayo ng inyong anak para sa karagdagang suporta sa mga resulta ng MAP Growth.

| Assessment Results | | | | | | | | | |
|--------------------|----------------|------------|-------|--|-----------------|--------------|---------|----------|-----------|
| Map Growth Results | | | | | | | | | |
| Test | Term | Date Taken | Grade | SubTest | RIT | Goal Perf | Percent | Duration | Lexile |
| MAP Growth | Fall 2017-2018 | 09/13/17 | 8 | Mathematics - Growth: Math 6+ CCSS 2010 V2 | 222 - 225 - 228 | | 48 | 59 m | |
| | | | 8 | Mathematics - Geometry | | Low Average | | | |
| | | | 8 | Mathematics - Operations and Algebraic Thinking | | Average | | | |
| | | | 8 | Mathematics - Statistics and Probability | | Average | | | |
| | | | 8 | Mathematics - The Real and Complex Number Systems | | Average | | | |
| MAP Growth | Fall 2017-2018 | 09/13/17 | 8 | Reading - Growth: Reading 6+ CCSS 2010 V3 | 214 - 217 - 220 | | 50 | 56 m | 807 - 957 |
| | | | 8 | Reading - Informational Text: Key Ideas and Details | | Low Average | | | |
| | | | 8 | Reading - Informational Text: Language, Craft, Structure | | Average | | | |
| | | | 8 | Reading - Literary Text: Key Ideas and Details | | High Average | | | |
| | | | 8 | Reading - Literary Text: Language, Craft, Structure | | Average | | | |
| | | | 8 | Reading - Vocabulary: Acquisition and Use | | Average | | | |

A. Pagsusulit

Ito ang pangalan ng pagtatasa, MAP Growth.

B. Term

Ang Term ay ang panahon ng taon o ang iskedyul (window) nang kinuha ang pagtatasa. Ang mga Term (Windows) ng MAP ay Taglagas (Fall), Taglamig (Winter) at Tagsibol (Spring).

Pakitandaan: Ang benchmark sa taglamig ay nagpapahintulot sa mga paaralan na pumili kung sino-sinong mga estudyante ang tatasahin—lahat ng estudyante o mga piling estudyante sa sinusubukang mga antas ng grado na binalangkas sa itaas. Pakitanong sa paaralan ng inyong anak para sa impormasyon tungkol sa pagsubok sa benchmark ng taglamig.

C. Petsa Nang Kinuha

Ito ang petsa nang kinuha ng estudyante ang pagtatasa sa panahon ng fall, fall, winter o spring term or window.

D. Grado

Ito ang antas ng grado ng estudyante sa araw ng pagsusulit

E. Sub Test—Pagbasa at/ Matematika at bersyon ng test (K-2, 2-5 o 6+)

F. RIT

Ang panggitnang numero ay ang pangkalahatang RIT score para sa term. Ang mga bilang sa alinmang gilid ng RIT score ay naglalarawan sa RIT range. Kung muling masubukan sa lalong madaling panahon, ang score ng estudyante ay mabibilang sa loob ng range na ito sa karamihang panahon.

Ang ibig sabihin ng RIT ay Rasch Unit, na isang unit ng pagsukat na gumagamit sa mga value ng kahirapan ng mga tanong sa pagsusulit para matantiya ang narating ng estudyante. Ang RIT score ay walang kinalaman sa edad o grado

ng estudyante ngunit naglalarawan sa antas ng instruksyon kung saan ang estudyante ay handang matuto, tumutulong sa mga guro na planuhin ang instruksyon sa angkop na antas para sa estudyante.

G. Goal Perf = Goal Performance Areas (Ipinakita sa mga Box sa Sampol)

Ang bahagi ng layunin o goal area ay ang bahagi ng pagkatuto sa loob ng isang asignatura. Ang bawat goal area sa pagsusulit ay nakalista kasama ng isang paglalarawan sa score ng estudyante sa percentile na nakamit para sa bawat goal area na binalangkas dito:

- **Mababa (Low):** percentile < 21
- **Mababang Average (Low Average):** percentile sa pagitan ng 21 at 40
- **Average:** percentile sa pagitan ng 41 at 60
- **Mataas na Average (High Average):** percentile sa pagitan ng 61 at 80
- **Mataas (High):** percentile > 80

Ipinapakita ang asterisk () kung ang goal score ay hindi makalkula dahil sa napakaraming item na sinagutan nang mali o napakakaunti ang item na available sa tinasang RIT range.*

Pakitandaan: Ang Goal Performance Areas ay nag-iiba-iba batay sa asignatura at antas ng grado tulad ng sumusunod:

MAP Growth K-2: Matematika

Operations at Algebraic Thinking
Numero at Operations
Pagsukat at Datos
Geometry

MAP Growth 2-5: Matematika

Operations at Algebraic Thinking
Numero at Operations
Pagsukat at Datos
Geometry

MAP Growth 6+: Matematikas

Operations at Algebraic Thinking
Ang Tunay at Complex na Systems ng
Numero
Geometry
Istadistika at Probalibilidad

Goal Performance Areas, ipinagpatuloy:

MAP Growth K-2: Pagbasa

Pampundasyong mga Kakayahan
Wika at Pagsulat
Literatura at Paggamit at Function ng Pang-impormasyong
Bokabularyo

MAP Growth 2-5 at 6+: Pagbasa

Tekstong Pampanitikan
Tekstong Pang-impomasyon
Bokabularyo

H. Porsyento = Percentile Rank

Ang percentile rank ng estudyante ay ang persentahe ng mga estudyante na nagkaroon ng RIT score na mas mababa o katumbas sa score na ito tulad ng naobserbahan sa pag-aaral ng NWEA norm. Nagpapahintulot ito sa estudyante na maihambing sa kaparehong mga estudyante sa buong bansa na kumuha ng MAP Growth sa kaparehong term o iskedyul (window).

I. Itinagal (Duration)

Ang panahon, sa mga minuto, nang kinuha ng estudyante ang isang pagsusulit sa MAP Growth. Sa average, ang mga pagtatasa sa MAP Growth, kahit na hindi inoorasan, ay gumugugol ng mga isang oras.

J. Lexile—Pagbasa Lamang

Ang Lexile ay nagbibigay ng hanay ng kompleksidad ng teksto na nakatutulong sa mga guro na tukuyin ang angkop sa antas na mga materyal na babasahin para sa indibidwal na mga estudyante. Ang range na ito ay lalabas lamang kapag ang estudyante ay kumuha ng pagsusulit na pagbasa. Mas marami pang impormasyon ang makikita sa <https://lexile.com/>.

Ang **LEXILE**® ay isang trademark ng MetaMetrics, Inc. Ang mga range ng Lexile na ipinakita ay mga tantiya ng mga correlation sa mga RIT score na ginawa ng NWEA. Ang mga correlation at mga report ay hindi nauugnay o iniendorso ng MetaMetrics.

Para sa karagdagang suporta sa pag-unawa sa mga resulta sa MAP Growth ng inyong anak, mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan ng inyong anak.